Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Nobyembre 15, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 483, s. 2023

**PANSANGAY NA PAGLULUNSAD NG PROJECT POWER**
**ANTAS SEKUNDARYA**

Sa mga: Katuwang ng Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Sekundarya
Sa iba pang kinauukulan

1. Itinatakda ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 2, s. 2015 ang *Guidelines and Implementation of Results-based Performance Management System* (RPMS) ng Kagawaran ng Edukasyon at alinsunod sa Seksyon 5 ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 42, s. 2017 ang *National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers* na isa sa mga pangunahing tungkulin ng dalubguro na itinuturing na *highly proficient teachers* ay magsilbing gurong modelo sa pagpapakitang-turo.

2. Kaugnay nito ang paglulunsad ng Project POWER- **P**-agpapabasa para sa Batang Makabansa ang Misyon, **O**- ras na laan sa Maka-Diyos at Makataong Implementasyon, **W**-ika at Panitikan ang Instrumento ng Inobasyon, **E**-stratehiya at Pedagohiya ay Inspirasyon , **R**-urok na Mithiin ay Matatag na Edukasyon ng mga Dalubguro sa Pagpapahusay ng Proseso ng Pagtuturo-Pagkatuto sa larangan ng Filipino na may sumusunod na layunin:

   a. mapahusay ang ang proseso ng Pagtuturo- Pagkatuto sa larangan ng Filipino gamit ang makabagong estratehiya, pamamaraan, dulog at istilo para sa makabagong pananaw ng pagtuturo at pagkatuto lalo na sa Pagbasa.

   b. mahikayat ang mga guro na maging malikhain, mapamaraan at magkaroon ng *futures thinking* sa larangan ng pagtuturo;

   c. makapag-*benchmark* ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino at magkaroon ng gabay sa lokalisasyon, kontekstuwalisasyon at indihenisasyon ng aralin batay sa pangangailangan at karanasan ng mga mag-aaral; at

d. makagamit ng teknolohiya at awtomasyon sa pagtuturo bilang pangunahing kahingian sa pagkamit ng Edukasyon 4.0. Nangangailangan ito ng integrasyon ng teknolohiya sa kurikulum sa pagpapaunlad ng proseso ng pag-aaral upang mapahusay ang pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at batang makabansa.

3. Maaari ring iangkla ng lebel Sekundarya ang mga Interbebsyon sa Pagbasa sa **Project BBK-Basa nang Basa Tungo sa Komprehensyon.**

4. Kalakip ng memorandum na ito ang pangkalahatang tuntunin sa pagsasakatuparan ng gawaing ito.( Project Power)

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Enklosyur Bilang 1 mula sa Memorandum Pansangay Bilang ____ s. 2023

**PANGKALAHATANG TUNTUNIN SA PROJECT POWER -PAKITANG-TURO NG MGA DALUBGURO SA PAGPAPAHUSAY NG PROSESO NG PAGTUTURO-PAGKATUTO SA LARANGAN NG FILIPINO (PAGBASA)**

1. Lahat ng Eddis ay inaasahang makapagsagawa ng pakitang-turo na magsisimula sa buwan ng Setyembre hanggang Hunyo para sa taong aralan 2023-2024.

2. Sabayan ang lahat ng Eddis sa pagsasagawa ng nasabing proyekto tuwing huling Biyernes ng bawat buwan na magsisimula ng ika-3:00 nh o anumang oras matapos ang regular na klase ng mga mga mag-aaral.

3. Dalawang dalubguro ang inaasahang mangunguna sa pakitang-turo.

4. Ang mga dalubguro mula sa antas ng *Key Stages 3 and 4 -Grades 7 to Grade 12* ang inaasahang magpapakitang-turo at ang magsisilbing mga mag-aaral na lalahok ay dalawang guro alinman sa Guro 1 hanggang 3 mula sa bawat paaralang sakop ng EDDIS.

5. Magsisilbi naman bilang mga tagamasid ang mga Punong Guro, Ulong Guro ( itatalaga ng Punong Guro) sa Filipino at kapwa-dalubguro II. (kung mayroon man).

6. Ang Tanggapang Pansangay ay pipili ng tatlong (3) modelong guro mula sa 6 na Eddis na nagpakitang-turo sa bawat buwan. Sila ay pipiliin sa pamamagitan ng kabuuang puntos mula sa ebalwasyon ng mga kalahok (50%) sa pakitang-turo at kabuuang marka na ibibigay naman ng mga nagsilbing tagamasid (50%). Ipapasa nang naka-PDF ang kopya ng *Observation Notes, Rating Sheet* at DLP sa *link* na ito ________________________________________.

7. Inaasahan din ang pagpapasa ng ACR *o Activity Completion Report (softcopy)* na ihahanda ng Punong Gurong tagapayo sa Filipino na ipapasa sa *link* na ito ________________________________________. Ipapasa sa *group chat* (GC) ng mga Tagapayo sa Filipino ang *template* ng nasabing ACR o *Activity Completion Report.*

8. Karagdagan pa rito ang pagsagot sa onlayn na ebalwasyon sa isinagawang pakitang-turo. Ipadadala ang link sa GC ng mga Ulong Guro..